**David, Ang Batang Pastol**
(1 Samuel 16:1-13)



Noong unang panahon, sa lupain ng Israel, may isang batang lalaki na nagngangalang David. Siya ay naninirahan sa Bethlehem kasama ang kanyang pamilya. Araw-araw na nag-aalaga ng mga tupa ng kanyang ama si David.

Si David ay matapang at malakas, at lubos na iniibig ang Diyos. Madalas siyang kumakanta ng mga awit ng papuri sa Diyos.

Samantala, sa kaharian ng Israel, si Haring Saul ang namamahala sa lupain. Ngunit si Haring Saul ay sumuway sa mga utos ng Diyos, dahil dito hindi na siya naging kalugud-lugod sa harap ng Diyos bilang hari. Kaya't nagpasya ang Diyos na pumili ng bagong hari mula sa mga tao ng Israel.

Isang araw, inutusan ng Diyos si Propeta Samuel na pumunta sa bahay ni Jesse sa Bethlehem. Sinabi ng Diyos kay Samuel na makikita niya ang susunod na hari sa mga anak ni Jesse. Natakot si Samuel sapagkat alam niya na siya ay papatayin ni Saul kapag nalaman niya ito. Sinabi ng Diyos na magdala ng haing hayop at sabihin na siya ay maghahandog sa Diyos. Binilin ng Diyos na anyayayahan si Jesse sa gagawing paghahandog at ituturo ng Diyos kay Samuel ang kanyang gagawin. Sinunod ni Samuel ang inutos ng Diyos at pumunta siya sa Bethlehem.

Pagdating sa Bethlehem, pinahanda ni Samuel ang mga matatandang pinuno ng lungsod, si Jesse at kanyang mga anak para sa gagawing paghahandog.

Inilabas ni Jesse ang kanyang panganay na anak, si Eliab, sa harap ni Samuel. Si Eliab ay matangkad at malakas, kaya inakala ni Samuel na siya ang pinili ng Diyos. Ngunit sinabi ng Diyos kay Samuel, "Huwag mong tignan ang kanyang taas at kakisigan, sapagkat hindi siya ang pinili ko. Hindi tinitingnan ng Panginoon ang mga bagay na tinitingnan ng tao. Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso."

Isa-isang, dinala ni Jesse ang kanyang iba pang mga anak, ngunit wala sa kanila ang pinili ng Diyos. Nagtanong si Samuel kung mayroon pa siyang ibang anak na wala roon, at sinabi ni Jesse na si David, ang pinakabata, ay nag-aalaga ng mga tupa.

Ipinasundo ni Samuel si David. Si David ay makisig na binatilyo, malusog at maganda ang mga mata. Nang dumating si David, sinabi ng Diyos kay Samuel, "Tumayo ka at buhusan mo siya ng langis; siya ang Aking pinili!" Kaya't kinuha ni Samuel ang sungay na sisidlan ng langis at binuhusan niya si David ng langis sa harap ng kanyang mga kapatid. Ito ay tanda na siya ang pinili ng Diyos na magiging hari ng Israel sa panghinaharap.

Mula sa araw na iyon, ang Espiritu ng Panginoon ay sumasa kay David. Bumalik siya sa pag-aalaga ng mga tupa ng kanyang ama, na alam niyang darating ang araw na siya ay magiging hari ng Israel.

Ang Diyos ang pinakamakapangyarihan sa lahat. Siya ay may kapangyarihan, karunungan, at awtoridad na gawin ang anumang naisin Niya sa loob ng Kanyang mga nilikha. Pinili Niya si David para maging hari ng Israel, hindi base sa kanyang panlabas na kaanyuan o kakayahan, kundi dahil iyon ang Kanyang kalooban.

